Republic of the Philippines
Department of Education
REGION VII – CENTRAL VISAYAS
SCHOOLS DIVISION OF NEGROS ORIENTAL

**Office of the Schools Division Superintendent**

MEMORANDUM
MLA-2022 416

PARA SA : **Mga Katuwang na Tagapangasiwa ng Dibisyon**
**Mga Hepe ng Dibisyon**
**Mga Tagamasid ng mga Asignatura**
**Mga Tagamasid ng Purok**
**Mga Pinuno ng Paaralan**

MULA KAY : **SENEN PRISCILLO P. PAULIN, CESO V**
**Tagapangasiwa ng Dibisyon**

PAKSA : **MGA PANUNTUNAN AT PAMANTAYAN PARA SA MGA PALIGSAHAN NG BUWAN NG WIKA 2022**

PETSA : **Agosto 16, 2022**

1. Ipinapaalam ng opisinang ito ang mga Panuntunan at Pamantayan para sa mga Paligsahan ng Buwan ng Wika 2022 na gagawin ngayong Agosto 30-31, 2022.
2. Hinihikayat ang mga Tagamasid ng purok, mga Punong-guro, at mga DSS ng Filipino na mabigyan ng angkop na patnubay at gabay ang mga eskwelahang sasali sa mga patimpalak.
3. Transportasyon at iba pang gastusin kaugnay sa paglahok ng iba't ibang paligsahang tampok ng Buwan ng Wikang Pambansa 2022 ay manggagaling sa MOOE ng eskwelahan o iba pang pondo na sasailalim sa pagtutuos at panuntunan ng COA.
4. Malawak na desiminasyon ng memorandum na ito ay nais.

AUG 17 2022

SPP/JMA-MKP-NLR/CID/NB/raj
Agosto 16, 2022

Address: Kagawasan Avenue, Capitol Area, Daro, Dumaguete City
Telephone Nos.: (035)225-2838 / 225-2376 / 422-7644
Email Address: negros.oriental@deped.gov.ph

## *MGA PAMANTAYAN AT PANUNTUNAN SA MGA PATIMPALAK NG BUWAN NG WIKA 2022*

<table>
<tr><td>Paligsahan</td><td colspan="2">ISPELING: IISPEL MO!</td></tr>
<tr><td>Baitang ng Mag-aaral</td><td colspan="2">Baitang 6</td></tr>
<tr><td>Bilang ng Kalahok</td><td colspan="2">Isa (1)</td></tr>
<tr><td>Oras na Inalaan</td><td colspan="2"></td></tr>
<tr><td rowspan="2">Batayan ng Kapasyahan</td><td>Pamantayan</td><td>Bahagdan</td></tr>
<tr><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Panuntunan</td><td colspan="2">a) Ang paligsahan ay bukas para sa mag-aaral sa ikaanim na Baitang (6) sa antas elementarya.<br>b) Iisang kalahok bawat distrito lamang ang pwedeng sasali sa nasabing paligsahan.<br>c) Bawat kalahok ay maghahanda ng kanilang slating board na susulatan ng kanilang sagot.<br>d) Ang bawat kategorya sa paligsahan ay may 10 aytem na Madali, 10 aytem na Katamtaman, 10 aytem sa Mahirap. Ang mga salita ay nakapaloob sa pangungusap at kinakailangan na sa wastong sagot sa bawat Aytem ay nakasaad ang pinagbatayang tuntunin naa yon sa 2013 Ortograpiyang Pambansa (OP) at UP Diksyonaryong Filipino.<br>e) Babasahin ng Master Bee ang pangungusap na kinapapalooban ng salitang baybayin. Pagkatapos ng pangalawang pagbasa, ibibigay ang hudyat upang simulant ang pagsulat ng kalahok.<br>f) Ang puntos at bilang ng aytem na babaybayin ay gaya ng sumusunod:<br>MADALI 10 aytem x 2 puntos = 20 puntos<br>KATAMTAMAN 10 aytem x 3 puntos = 30 puntos<br>MAHIRAP 10 aytem x 5 puntos = 50 puntos<br>KABUOAN 100 puntos<br>g) Ang mga mag-aaral ay bibigyan ng pitong (7) Segundo upang maisulat ang kaniyang sagot.<br>h) Sa sandalling magkakaroon ng patas na puntos, may nakalaang tanong na magiging clincher.<br>i) Ang tie-breaker ay isasagawa batay sa sumusunod:<br>- Maglalaan ng tatlong tanong na paglalabanan ng may patas na puntos.<br>- Ang makakuha nang mas mataas na puntos ang siyang makakakuha ng pwestong pinaglalabanan.<br>- Sa sandalling maging patas muli ang kanilang puntos, magkakaroon ng knock-out round.<br>j) Ang hatol ng inampalan ay pinal at hindi mababago.</td></tr>
</table>

***MGA PAMANTAYAN AT PANUNTUNAN SA MGA PATIMPALAK NG BUWAN NG WIKA 2022***

| | | |
|---|---|---|
| **Paligsahan** | **Madulang Pagkukuwento** | |
| **Baitang ng Mag-aaral** | Baitang 1-3 | |
| **Bilang ng Kalahok** | Apat (4) | |
| **Oras na Inalaan** | | |
| **Batayan ng Kapasyahan** | **Pamantayan** | **Bahagdan** |
| | Interpretasyon at paggganap | 30% |
| | Kaangkupan at paglalahad | 30% |
| | Boses at projection | 20% |
| | Tikas sa Entablado | 10% |
| | Akmang Kasuotan | 10% |
| | **Kabuuan** | **100%** |
| **Panuntunan** | a) Ang kalahok sa paligsahan na ito ay manggagaling sa baitang 1-3 lamang.<br>b) Iisang tampok bawat district lamang ang sasali sa division level.<br>c) Bibigyan ng piyesa na ikukuwento ang mga kalahok.<br>d) Pag-aaralan ng mga kalahok ang kuwento sa loob ng 10 minuto. Pagkatapos ng 10 minuto, bibigyan naman ang mga ito ng pagkakataong mag-ensayo sa loob ng 10 minuto.<br>e) Pagkatapos mapag-aralan at mag- ensayo sa loob ng 20 minuto, ang bawat kuponan ay magpapakita ng pagtatanghal sa nasabing kuwento.<br>f) Malaya ang mga kalahok na gagamit ng akmang kasuotan para sa pagkukuwento.<br>g) Ang desisiyon ng lupon ng inampalan ang masusunod at hindi mababago. | |

## *MGA PAMANTAYAN AT PANUNTUNAN SA MGA PATIMPALAK NG BUWAN NG WIKA 2022*

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Paligsahan** | **SULKAS (SULAT AT BIGKAS NG TULA)** | | |
| **Baitang ng Mag-aaral** | Baitang 4-6 | | |
| **Bilang ng Kalahok** | Isa (1) | | |
| **Oras na Inalaan** | Depende sa piyesang gagamitin | | |
| **Kasuotan** | Kasuotang Pilipino | | |
| **Batayan ng Kapasyahan** | **Pamantayan** | | **Bahagdan** |
| | Pagkamakata | | 35% |
| | Kaugnay sa paksa | (10%) | |
| | Pagbibigay-diin o damdamin | (10%) | |
| | Pagtutula | (10%) | |
| | Hikayat | | 25% |
| | Dating sa madla | (5%) | |
| | Kakanyahang pantanghalan | (5%) | |
| | Kilos, galaw, kumpas | (10%) | |
| | Ekspresyon ng mukha | (10%) | |
| | Tinig | | 20% |
| | Lakas | (5%) | |
| | Taginting | (5%) | |
| | Kaangkupan ng diwa at damdamin | (10%) | |
| | Bigkas | | 20% |
| | Matatas at maliwanag | (10%) | |
| | Wastong pagbubukod ng salita | (5%) | |
| | **Kabuuan** | | **100%** |
| **Panuntunan** | a) Ang bawat kalahok ay bibigyan ng pangkalahatang paksa kung saan dito nila ibabatay ang tulang gagawin.<br>b) Ang kalahok sa paligsahan na ito ay manggagaling sa baitang 54-6lamang.<br>c) Iisang kalahok lamang sa bawat distrito o purok.<br>d) Pagkatapos maibigay ang hudyat sa pagsisimula ng paligsahan sa pagsulat ng tula, bibigyan ng 20 minuto lamang ang mga ito na lilikha ng kanilang orihinal na tula batay sa paksang ibibigay.<br>e) Ang recital o paligsahan sa pagbigkas ng tula ay gagawin pagkatapos ng nakatakdang oras.<br>f) Ang mga video na isusumite pagkatapos ng 5 minutong inilaan ay hindi na isasama sa patimpalak.<br>g) Ang desisiyon ng lupon ng inampalan ang masusunod at hindi mababago. | | |

***MGA PAMANTAYAN AT PANUNTUNAN SA MGA PATIMPALAK NG BUWAN NG WIKA 2022***

| | | |
|---|---|---|
| **Paligsahan** | **DAGLIANG TALUMPATI** | |
| **Baitang ng Mag-aaral** | Baitang 11-12 | |
| **Bilang ng Kalahok** | Isa (1) | |
| **Oras na Inalaan** | 3-5 minuto | |
| **Kasuotan** | School Uniform | |
| **Batayan ng Kapasyahan** | **Pamantayan** | **Bahagdan** |
| | Kaangkupan at Argumento | 30% |
| | Malinaw at kahusayan sa Pagsasalita | 30% |
| | Paglalahad | 30% |
| | Tikas sa Entablado | 10% |
| | **Kabuuan** | **100%** |
| **Panuntunan** | a) Ang patimpalak na ito ay para sa mga mag-aaral ng Senior High School lamang.<br>b) Iisang kalahok lamang ang sasali sa kada distrito.<br>c) Ang bawat kalahok ay bibigyan ng iisang tanong o paksang sasagutin.<br>d) Sa oras na maibibigay ang hudyat, pag-aaralan muna ng kalahok at gagawa ng balangkas ng talumpati sa loob ng 3 minuto lamang. Pagkatapos ng 3 minuto, ilalahad ng kalahok ang kanyang sagot, may 3-5 minuto itong nakalaan.<br>e) Ang desisyon ng lupon ng inampalan ang masusunod at hindi mababago. | |

## *MGA PAMANTAYAN AT PANUNTUNAN SA MGA PATIMPALAK NG BUWAN NG WIKA 2022*

| | | |
|---|---|---|
| **Paligsahan** | **Interpretatibong Pagbasa** | |
| **Baitang ng Mag-aaral** | Baitang 7,8,9,10 | |
| **Bilang ng Kalahok** | Apat (4) | |
| **Oras na Inalaan** | | |
| **Batayan ng Kapasyahan** | **Pamantayan** | **Bahagdan** |
| | Interpretasyon at paggganap | 30% |
| | Kaangkupan at paglalahad | 30% |
| | Boses at projection | 20% |
| | Tikas sa Entablado | 10% |
| | Akmang Kasuotan | 10% |
| | **Kabuuan** | **100%** |
| **Panuntunan** | a) Ang kalahok sa paligsahan na ito ay manggagaling sa baitang 7,8,9,10 lamang.<br>b) Iisang kuponan bawat district lamang ang sasali sa division level.<br>c) Bibigyan ng piyesa ang bawat kuponan na gawan ng interpretatibong pagbasa.<br>d) Pag-aaralan ng mga kalahok ang akda sa loob ng 10 minuto. Pagkatapos ng 10 minuto, bibigyan naman ang mga ito ng pagkakataong mag-ensayo sa loob ng 10 minuto.<br>e) Pagkatapos mapag-aralan at mag- ensayo sa loob ng 20 minuto, ang bawat kuponan ay magsasagawa ng kanilang pagtatanghal.<br>f) Ang desisiyon ng lupon ng inampalan ang masusunod at hindi mababago. | |

## *MGA PAMANTAYAN AT PANUNTUNAN SA MGA PATIMPALAK NG BUWAN NG WIKA 2022*

| | | |
|---|---|---|
| Paligsahan | **INFORMANCE** | |
| Baitang ng Mag-aaral | Baitang 7-10 | |
| Bilang ng Kalahok | 4 | |
| Oras na Inilaan | 3 minuto | |
| Batayan ng Kapasyahan | Pamantayan | Bahagdan |
| | Iskrip<br>Kaangkupan sa tema 10%<br>Orihinalidad 10%<br>Daloy ng pangyayari 10% | 30% |
| | Pagtatanghal<br>Pagganap 50%<br>(makatotohanan, malakas at may taginting ang boses na batay sa diwa at damdamin, ekspresyon ng mukha)<br>Kasuotan 15%<br>Sangkap teknikal 5% | 70% |
| | **Kabuoan** | **100%** |
| Panuntunan | a. Ang informance ay nakabatay sa tema ng buwan ng wika.<br>b. Ang mga kalahok sa paligsahan ay manggagaling sa baitang 7-10 lamang.<br>c. Iisang grupo ng kalahok lamang sa bawat distrito o purok. Ito ay ang apat (4) na tagapagtanghal at isang (1) tagapagsanay.<br>d. Ang bawat kalahok ay bibigyan lamang ng isang (1) minuto upang maghanda sa pagtatanghal at tatlong (3) minuto sa aktuwal na pagtatanghal.<br>e. May kaukulang kaltas sa punto sa paglampas sa nakalaaang 3 minutong pagtatanghal.<br>f. Tanging kalahok lamang at tagapagsanay ang mamahala sa pagtatanghal at mga teknikal na gamit sa tanghalan.<br>g. Ang desisiyon ng lupon ng inampalan ang masusunod at hindi magbabago. | |

***MGA PAMANTAYAN AT PANUNTUNAN SA MGA PATIMPALAK NG BUWAN NG WIKA 2022***

| **Paligsahan** | **PAGLALAHAD NG KONSEPTONG PAPEL NG PANANALIKSIK** | |
|---|---|---|
| **Baitang ng Mag-aaral** | Baitang 11-12 | |
| **Bilang ng Kalahok** | 3 | |
| **Oras na Inalaan** | 10 minuto | |
| **Batayan ng Kapasyahan** | **Pamantayan** | **Bahagdan** |
| | Paglalahad ng problema | 20% |
| | Kahalagahan ng Pag-aaral | 20% |
| | Metodolohiya ng Pag-aaral | 20% |
| | Pagtatanghal/Pagdepensa ng konseptong papel | 40% |
| | **Kabuuan** | **100%** |
| **Panuntunan** | a) Ang paligsahan na ito ay bukas sa lahat ng mga mag-aaral sa Higit na Mataas na Paaralan (Senior High School) at mga guro na sakop ng dibisyon.<br>b) Iisang koponan lamang ang sasali mula sa bawat distrito.<br>c) Ito ay pangkatang Gawain na binubuo ng tatlong mag-aaral na siyang magdepensa sa kanilang papel.<br>d) Lahat ng entry para sa nasabing paligsahan ay isusumite ngayong Agosto 27, 2019 sa link na ibibigay ng komite.<br>e) Ang lahat ng papel (tatlong kopya) ay isusumite sa dibisyon ngayong Agosto 26-29, 2022.<br>f) Ang desisiyon ng lupon ng inampalan ang masusunod at hindi mababago. | |

## *MGA PAMANTAYAN AT PANUNTUNAN SA MGA PATIMPALAK NG BUWAN NG WIKA 2022*

<table>
<tr><td>Paligsahan</td><td colspan="2">COSPLAY</td></tr>
<tr><td>Kalahok</td><td colspan="2">PSDSs, School Heads, Mga Guro, mga mag-aaral mula sa sekondarya</td></tr>
<tr><td>Bilang ng Kalahok</td><td colspan="2"></td></tr>
<tr><td>Oras na Inalaan</td><td colspan="2">1 minuto upang maipakilala ang sarili, ang papel na gagampanan at 30 segundo na solilukoy sa katauhan ng karakter</td></tr>
<tr><td rowspan="6">Batayan ng Kapasyahan</td><td>Pamantayan</td><td>Bahagdan</td></tr>
<tr><td>Angkop na kasuotan sa tauhang ginampanan</td><td>50%</td></tr>
<tr><td>Visual Effects</td><td>15%</td></tr>
<tr><td>Solilukoy</td><td>20%</td></tr>
<tr><td>Dating sa Madla</td><td>15%</td></tr>
<tr><td>Kabuuan</td><td>100%</td></tr>
<tr><td>Panuntunan</td><td colspan="2">a) Ang COSPLAY ay isang paligsahan para sa mga PSDSs, School Heads at mga guro ng distrito(Congressional District) na kakatawan sa mga piling tauhan ng Florante at Laura. Paligsahan ito ng kasuotan at katauhan ng karakter na hango sa nobela.<br><br>b) Ang napiling kalahok ay maghahanda ng isang solilukoy na kadalasang sabihin o namumukod-tangi sa ginampanang karakter na hindi bababa at hihigit sa 30 segundo. Ang sinumang lalagpas sa nasabing oras ay babawasan ang kabuuang marka ng 5 puntos .<br><br>c) Kailangang may pertisipasyon mula sa Punong-guro, mga guro, at mga mag-aaral ang pagtatanghal ng COSPLAY.<br><br>d) Ang pagtatanghal ng mga COSPLAYERS ay gagawin sa Pampanid na Palatuntunan ngayong Agosto 31, 2021 sa may 1:00 ng hapon suot ang kanilang mga COSPLAY na damit na gagawin sa Robinson's Place Dumaguete.<br><br>e) Ang desisyon ng lupon ng inampalan ang masusunod at hindi na mababago.</td></tr>
</table>

MGA TAUHAN NG FLORANTE AT LAURA

# Mga Tauhan

(Ang Buod ng "Florante at Laura")

## Mga pangunahing tauhan :

**Florante**
Makisig na binatang anak ni Duke Briseo at Prinsesa Floresca. Siya ang pangunahing tauhan ng awit. Halal na Heneral ng hukbo ng Albanya. Magiting na bayani, mandirigma at heneral ng hukbong magtatanggol sa pagsalakay ng mga Persiyano at Turko.

**Laura**
Anak ni Haring Linceo at ang natatanging pag-ibig ni Florante. Tapat ang puso sa pag-ibig ngunit aagawin ng buhong na si Adolfo.

**Adolfo**
Anak ng magiting na si Konde Sileno ng Albanya. Kabaligtaran ng kanyang ama. si Adolfo ay isang taksil at lihim na may inggit kay Florante mula nang magkasama sila sa Atenas. Siya ang mahigpit na karibal ni Florante sa pag-aaral at popularidad sa Atenas. Ang malaking balakid sa pag-iibigan nina Florante at Laura, at aagaw sa trono ni Haring Linceo ng Albanya.

**Aladin**
Isang gererong Moro at prinsipe ng Persiya. Anak ni Sultan Ali-adab. Mahigpit na kaaway ng bayan at relihiyon ni Florante, ngunit magiging tagapagligtas ni Florante.

**Flerida**
isang matapang na babaeng Moro na tatakas sa Persiya para hanapin sa kagubatan ang kasintahang si Aladin. Siya ay magiging tagapagligtas ni Laura mula kay Adolfo.

**Menandro**
Ang matapat na kaibigan ni Florante. Mabait at laging kasa-kasama ni Florante sa digmaan.

## Mga iba pang tauhan :

**Duke Briseo**
ang mabait na ama ni Florante. Taga-payo ni Haring Linceo ng Albanya.

**Prinsesa Floresca**
Ang mahal na ina ni Florante.

**Haring Linceo**
hari ng Albanya at ama ni Prinsesa Laura.

**Antenor**
ang mabait na guro sa Atenas. Guro nina Florante, Menandro at Adolfo. Amain ni Menandro.

**Konde Sileno**
Ang ama ni Adolfo na taga-Albanya.

**Heneral Miramolin**
Heneral ng mga Turko na lumusob sa Albanya.

**Heneral Osmalik**
Ang heneral ng Persya na lumusob sa Krotona. Siya ay napatay ni Florante.

**Sultan Ali-abab**
Ang ama ni Aladin na umagaw sa kanyang magandang kasintahang si Flerida.

**Menalipo**
Ang pinsan ni Florante. Siya ang pumana sa buwitre na sana'y daragit sa sanggol na si Florante.

**Hari ng Krotona**
Ama ni Prinsesa Floresca at lolo ni Florante.

**ISKEDYUL NG MGA PATIMPALAK**

Agosto 30, 2022 ARAW:MARTES

UMAGA

1. IISPEL MO VENUE: GSP IN-CHARGE: 3RD CONG
2. PAGSULAT NG TULA VENUE: GSP IN-CHARGE: 2ND CONG

HAPON

3. DAGLIANG TALUMPATI VENUE: GSP IN-CHARGE: 3RD CONG
4. PAGBIBIGKAS NG TULA VENUE: GSP IN-CHARGE: 2ND CONG

UMAGA

1. MADULANG PAGKUKUWENTO VENUE: NOHS IN-CHARGE: 1ST CONG
2. INTERPRETATIBONG PAGBASA VENUE: NOHS IN-CHERGE: 1ST CONG

HAPON

1. INFORMANCE VENUE: NOHS IN-CHARGE: 2ND CONG

AGOSTO 31, 2022 ARAW: MIYERKULES

UMAGA

1. PISTA SA NAYON PALATUNTUNAN: BULWAGAN NG DIBISYON
   1. PSDS
   2. BUDGET, ACCOUNTING, SUPPLY
   3. HEALTH
   4. ADMIN, PERSONNEL, RECEIVING
   5. SGOD
   6. CID
   7. SDS,ASDS, LEGAL, ICT

HAPON

1. COSPLAY VENUE: ROBINSON'S PLACE